# Sumali sa Neighborhood Association!







Iyon ay pinangangasiwaan ng neighborhood association

Ang tila karaniwang "kaligtasan ng komunidad" at "bayang madaling pamuhayan" ay nagiging posible dahil sa pagtutulungan ng lahat sa komunidad

## Salamat sa neighborhood association...




## Kung walang neighborhood association...



Ito ang mga ginagawa ng neighborhood association
Malugod naming tinatanggap ang mga gustong makiisa sa aming mga aktibidad!



## Mga aktibidad ng neighborhood association

### Kapaligiran

Paglalagay at pamamahala ng mga garbage station at mga aktibidad para sa pagpapaganda ng kapaligiran



### Pagbabahagi ng impormasyon

Pagbabahagi ng mga kinakailangang impormasyon sa komunidad




### Pag-iwas sa sakuna

Pagsasagawa ng mga pagsasanay para maiwasan ang sakuna sa komunidad



### Pag-iwas sa krimen

Paglalagay at pamamahala ng security lights, at pagsasagawa ng pagpapatrolya para sa seguridad





### Pakikipag-ugnayan

Pagsasagawa ng mga kaganapan kung saan maaaring makipag-ugnayan sa komunidad

## Ang pakikipag-ugnayan sa komunidad araw-araw ay maaaring makaligtas ng buhay sa panahon ng emerhensiya...!?

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa komunidad araw-araw, maaari kang makabuo ng relasyon na makakatulong sa panahon ng sakuna.
Noong Great Hanshin-Awaji Earthquake, humigit-kumulang 77% ng mga naligtas ay niligtas ng mga kapitbahay at iba pang lokal na residente.

## Tinig ng mga residente



**Mr. at Mrs. A**

Noong bagong paglipat pa lang namin dito, nag-aalala kami kung makakapag-adjust ba kami, ngunit salamat sa mainit na pagtanggap ng komunidad, dumami ang mga kaibigan namin. Nakapagsimula kami ng bagong buhay na panatag ang loob, at araw-araw na namumuhay nang makabuluhan.

**B (elementarya)**

Kapag pumupunta ako sa paaralan, binabati ako ng mga nagbabantay at nagpapatrolya para sa seguridad ng “おはよう! (Magandang umaga!)”, kaya napapanatag ang loob ko! Parating malinis ang parke at masayang maglaro roon! Masaya akong magkaroon ng bagong kaibigan tuwing may mga piyesta at kaganapan!



## Paano sumali sa neighborhood association

1. Hanapin ang neighborhood association na inyong tinitirhan sa website ng Toyota City Neighborhood Leaders’ Association*
2. Makipag-ugnayan sa neighborhood association at isagawa ang mga pamamaraan ng pagsali.

* Kung hindi makita ang contact information ng neighborhood association, mangyaring makipag-ugnayan sa secretariat ng neighborhood leaders’ association (sa loob ng Community Relations Division)

Narito ang website ng Toyota City Neighborhood Leaders’ Association

Para sa mga katanungan
Toyota City Neighborhood Leaders’ Association
(Secretariat: sa loob ng Community Relations Division, Toyota City Hall) |TEL| 0565-34-6629